# Systematic Theology ©

**Conrad Jun Tolosa**
Revised May 28, 2022

## ST310. Soteriology: 10. Glorification

### Glorification - Ang Pagluluwalhati

Glorification is the last part of our *ordo salutis* sa ating pag-aaral ng Soteriology. May mga familiar verses tayong pupuntahan. Sabi ni Paul sa Philippians 1:6*, And I amd sure of this, that He who began a good work in you will bring it to completion at the day of Jesus Christ.* Ang completion ay iyon ang ating *glorification.* Ang *the day of Jesus Christ* ay ating pag-aaralan doon sa last part ng ating Systematic Theology which is our Eschathology, or the study of last things o iyong tinatawag nating *end times.* Kaya tandaan natin ang pangako ng Diyos na cocompletuhin Niya ang sinimulan Niya sa atin.

Ganito naman ang sinabi sa 1 Corinthians 15:50-53, *I tell you this, brothers: flesh and blood cannot inherit the kingdom of God, nor does the perishable inherit the imperishable. Behold! I tell you a mystery. We shall not all sleep, but we shall all be changed, in a moment, in the twinkling of an eye, at the last trumpet. For the trumpet will sound, and the dead will be raised imperishable, and we shall be changed. For this perishable body must put on the imperishable, and this mortal body must put on immortality*. This is exciting! Sino ang may ayaw na mangyari ang rapture in our lifetime para hindi na tayo dumaan sa physical death. Nevertheless, lahat tayo ay may gusto niyan subalit may requirement. Kinakailangang i-purify natin ang ating buhay.

Sabi ni Paul sa Romans 8:29, *For those whom He foreknew He also predestined to be conformed to the image of His Son, in order that He might be the firstborn among many brothers*. Iyon din ang culmination ng gawain ng Diyos sa ating buhay ay glorification natin. At kasama sa glorification ng ating body is, spiritually speaking, the conformity natin sa image ng Panginoong Jesus. Ito ang completion ng gawain Niya.

Sa 1 John 3:2, sinabi ni John, *Beloved, we are God's children now, and what we will be has not yet appeared; but we know that when He appears we shall be like Him, because we shall see Him as He is*. Makikita natin ang ating Panginoong Jesus, pagkatapos ng buhay natin – sino ba ang naghihintay sa atin? Sino ang magwe-welcome sa atin na magsasabing: Welcome, enter into the joy of your Lord. Naghihintay sa atin ang Panginoong Jesus. Iyon ang completion, ang end of our journey – may naghihintay sa ating journey at iyon ay walang iba kundi ang ating Panginoong Jesus.

Sa Revelation 21:1-2 John described: *Then I saw a new heaven and a new earth, for the first heaven and the first earth had passed away, and the sea was no more. And I saw the holy city, new Jerusalem, coming down out of heaven from God, prepared as a bride adorned for her husband*. Napakagandang mga picture nito para sa ating kasiglahan dahil alam ng Lord na dadaan tayo sa mga pagsubok sapagkat iyon ang Kanyang design. Dadaan tayo sa persecution, sa tribulation from the world dahil hindi tayo taga-mundo. Jesus said*, In the world you shall have tribulation but be of good cheer I have overcome the world.* Pero this is something that we should really anticipate. Ano ang greeting na sinabi sa atin? Maranatha! The Lord is coming soon! Ginagawa pa ba natin ito ngayon? Do we remind each other, Kapatid malapit nang

dumating ang Panginoon! Kaya kung ano man ang dinaranas nating kapighatian, kapag naalala natin na Siya ay darating at kukunin Niya tayo ulit, sisigla ang ating espiritu.

At nagpatuloy si John, *And i heard a loud voice from the throne saying, "Behold, the dwelling place of God is with man. He will dwell with them, and they will be His people, and God Himself will be with them as their God* (covenantal theme)*. He will wipe away every tear from their eyes, and death shall be no more, neither shall there be mourning, nor crying, nor pain anymore, for the former things have passed away."* Alam ng Lord na lahat tayo ay dadaan sa pagdurusa, sa pighati at iiyakan natin iyan.

Diyan nagtatapos ang ating ordo salutis sa glorification, kaya in the midst of suffering tayo ay dapat na magsaya because we can always look forward to this time na wala ng pain, wala ng sorrow, wala ng tears.

Ang tawag ko rito ay Balik-Eden. Ang simula ng history of man ay nagsimula sa Garden of Eden. Doon bago ang Fall, ay tumanggap ang tao sa Diyos ng dakilang layunin - *Ang punuin ang mundo ng mga supling na kawangis ng Diyos, pamahalaan ang mga ibon, isda at lahat ng hayop sa balat ng lupa, at lupigin ang mga lupain*. Ito ang ating tutuparin sa simula ng ating eternal state at wala nang makahahadlang sa atin. Tutuparin natin ang dakilang layuning ito ng Diyos para sa ating kaligayahan at kapurihan ng Panginoon. Ito ang ating maluwalhating pagkatao at maluwalhating buhay.

**I. *Multiple Choice***

1. Ang good work na sinimulan ni Cristo sa ating buhay ay magkakaroon ng kaganapan sa ating
   a. Redemption
   b. Sanctification
   c. Glorification

2. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
   a. Ang mga nauna nang namatay ay ibabangon at magiging imperishable din ang kanilang katawan.
   b. Hindi lahat ay matutulog kundi sa isang kisap-mata sa huling trumpeta ay babaguhin ang perishable na katawan sa imperishable body.
   c. Ang mortal body ng buhay pa ay papalitan na immortal na katawan.

3. Sa 1 John 3:2, sinabi na
   a. Darating ang oras ng ating pagharap kay Jesus para sa Kanyang paghuhukom.
   b. Darating ang oras na makita naitn si Jesus ng harapan sapagkat tayo ay magiging katulad Niya.
   c. Darating ang oras na ang mga naunang mamatay ay mananatiling natutulog.

4. Ang covenantal theme ng Diyos ay
   a. They will be His people, God Himself will be their God and He will dwell in their midst.
   b. Israel will be His people, God will be their God and He will dwell in their midst.
   c. You are my people, I will be with you till the end of age.

© May 28, 2022 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.